

Ang impormasyon tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga dayuhan na naninirahan sa Korea

Ang mga paunang pagpapareserba ay ginawa alinsunod sa parehong pamantayan at pamamaraan na walang pagkakaiba sa pagitan ng mga residente at dayuhan. Magpapareserba para sa pagbabakuna ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagkumpirma sa mga tatanggap at paraan ng pagpapareserba sa ibaba.

□ Mga tatanggap ng pagbabakuna at paraan ng pagpapareserba

○ Mga dayuhan na nagparehistro bilang dayuhan

-Maaari kang mag-aplay ng pagbabakuna ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagbabakuna alinsunod sa 'plano ng pagbabakuna sa buwan ng Agosto-Setyembre para sa bawat target', at ang mga pagpapareserba ay maaaring gawin online o sa pamamagitan ng telepono.

* Kapag nakasaad na hindi kwalipikado sa online na pagpapareserba, bisitahin ang lokal na pampublikong sentro ng kalusugan, at maari kang magpapareserba pagkatapos magparehistro na isa sa kwalipikadong tatanggap ng bakuna.

- Paraan ng Pagpapareserba -

- (On-line _ **Pwede Ikaw at iyong representante**) Magpapareserba sa pamamagitan ng pag-access sa sistema ng COVID-19 para sa paunang pagpapareserba ng pagbabakuna (<http://ncvr.kdca.go.kr>) **Simula 8.25. 0 maring makapagpapareserba ang iyong representante**

- (Telepono - **Ikaw at pwede ang representante**) Suriin ang numero ng konsultasyon sa pagpapareserba para sa bawat lokal na pamahalaan sa Korea Centers for Disease Control and Prevention (1339) o ang COVID-19 na sistema ng paunang pagpapareserba ng pagbabakuna (Status ng pagbabakuna (mouse up) → I-click ang status ng operasyon ng pagpapareserba ng telepono sa pagbabakuna ng COVID-19)

- Mga dayuhan na walang numero ng pagpaparehistro bilang dayuhan (sertipiko ng pagpaparehistro)(kabilang ang mga iligal na dayuhan)

- Hindi maring makapag reserba sa online at telepono.

- Maaari kang makapagrehistro para sa pagbabakuna sa pamamagitan ng pagbisita sa isang lokal na sentro ng kalusugan at pagkuha ng isang pansamantalang numero sa pamamagitan ng iyong pasaporte
- * **Mga panandaliang residente na 90 araw o mas mababa pa na bumisita sa Korea para sa mga layuning paglalakbay**
 - Hindi kasama sa pagbabakuna

Pag-iingat

- Ang mga nakarehistrong dayuhan na nais makatanggap ng impormasyon sa pagbabakuna pagkatapos ng pagpapareserba nang maaga ay dapat na i-update ang kanilang numero ng mobile phone.
 - Kapag babaguhin ang numero ng telepono kailang hilingin sa distrito ng iyong immigration-tanggapan ng mga dayuhan.
- Ang impormasyon sa pagkakakilanlan ay ginagamit lamang para sa mga layunin ng pagbabakuna. at ang katotohanan ng ilegal na pananatili ay hindi iaabiso sa tanggapan ng immigration. tanggapan ng dayuhan.
- Ang mga lokasyon ng pagbabakuna ay maaaring limitado depende sa kung ang isang indibidwal ay mayroong health insurance o wala.